**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE SECRETARY MARTIN ANDANAR**
**BY HENRY URI AND MISSY HISTA, COFFEE BREAK | DZRH**
**July 24, 2020 [10:43 – 11:03 A.M.]**

**URI:** Sec. Martin, good morning.

**HISTA:** Good morning.

**SEC. ANDANAR:** Good morning. Sa lahat ng nakikinig maayong buntag.

**URI:** Sir, kumusta na po iyong mga huling preparasyon? Handang-handa na ba ang SONA ng Pangulo? Are we all set?

**SEC. ANDANAR:** Handang-handa na. Kahapon ay nakapag-rehearse si Director Joyce Bernal sa kaniyang mga gagawin sa darating na Lunes. Tapos ay nakatakda namang mag-rehearse din si Presidente either tonight or tomorrow.

Now, ang maganda po dito ay napagkasunduan na talaga na dalawang venue, either diyan sa Lower House or dito po naman sa Malacañang. (garbled) is the Lower House. Mayroon pong magkakaroon ng mga fifty, a total of fifty na mga panauhin sa loob ng Batasang Pambansa, hindi po sosobra sa fifty iyan, kasama na po diyan ang representatives ng Palasyo. Paghahati-hatian po iyan ng Senado, Kongreso at ng Palasyo.

Pero bago po mangyari ang SONA ay mayroon pong swabbing na mangyayari at sa swabbing nga na ito, diyan natin malalaman kung itutuloy na iyong sa Lower House. Kapag tumaas ang bilang ng positibo o kung mayroon mang positibo sa mga na-swab na mga panauhin ay magdedesisyon ang Office of the President, kasama ang PSG kung doon tayo sa option B which will be done dito sa Malacañang.

Sa Malacañang, mas kakaunti iyong makaka-attend. Of course, nandiyan pa rin iyong Senate President, iyong Speaker of the House, Presidente tapos ang Executive Secretary at piling mga congressmen at mga senador na lamang. So, mas kakaunti kaysa doon sa Batasang Pambansa.

Very fluid kasi, dahil dito sa COVID-19 as a matter of fact—bigyan na lang kita, Henry ng talagang total report ng PCOO.

**URI:** Oho. Yes, please. Pero, Secretary, iyong swabbing kailan mangyayari para sa lahat ng mga confirmed attendees?

**SEC. ANDANAR:** Lahat. Lahat po kailangan i-swab.

**URI:** Kailan po iyan? Kailan ang swabbing?

**HISTA:** Yes po, kailan?

**SEC. ANDANAR:** It will be done on the day itself kasi mayroon tayong swab na minutes lang malalaman mo na eh.

**URI:** Okay… Pero PCR iyan hindi rapid? PCR test na iyan?

**SEC. ANDANAR:** PCR. Oo, talagang swabbing, talagang iyong tinutusok iyong ilong at saka iyong…

**URI:** Ah… Kasi parang ganito iyan, ang magiging scenario niyan kasi nauuna naman palaging dumating iyong mga panauhin, ano ho. So, doon sa Batasan may swabbing facilities na roon?

**SEC. ANDANAR:** I understand dito po sa isa sa mga ospital sa Quezon City. Kung hind ako nagkakamali, one of the hospitals here in Quezon City diyan gagawin at kapag nalaman nga na mayroong nagpositibo sa mga panauhin ay magbabago po iyong ____

**URI:** So, lahat ng pupunta dadaan muna sa ospital?

**SEC. ANDANAR:** Kailangan pong magpa-swabbing. Napakahalaga po ng swabbing (garbled) same day. Now, kailangang seryosohin kasi hindi ba may nababalita sa PCOO halimbawa, na mga nag—

**URI:** Positive.

**SEC. ANDANAR:** —nag-positibo sa PCOO. Pero bigyan lang kita ng mga updated numbers, okay lang?

**URI:** Yes, please.

**SEC. ANDANAR:** Base po sa pinakahuling tala ng PCOO as of 9A.M., mayroon pong tatlo sa PCOO na nag-positibo na. Number one iyong namatay na; number two, active; number three, active.

Tapos sa APO Production Unit, sa ilalim po iyan ng PCOO, mayroong isang (signal fade) at isang active case. Sa PIA, mayroon tayong dalawang active case; sa PTV, mayroon tayong isang active case; tapos RTVM, mayroon tayong dalawang active case. At bago lang itong RTVM, in fact, hindi pa nga nare-release iyong resulta mula sa Red Cross pero advance information lang ito.

Kaya hindi puwedeng mag-kumpiyansa—

**URI:** Sa Radyo Pilipinas? I understand may nagkaroon din yata?

**SEC. ANDANAR:** Sa Bureau of Broadcast Service… Oo, tama, nagkaroon iyong isa sa mga kasama natin pero okay na siya ngayon.

**URI:** Okay na siya ngayon. Sa FM group wala naman?

**SEC. ANDANAR:** Wala naman.

**URI:** Wala naman.

**SEC. ANDANAR:** Sa Bureau of Broadcast Service – zero; Bureau of Communication Services – zero; IPC – zero; NIB – zero; NPO – zero.

**URI:** Okay. Doon ho sa inyong opisina, hopefully wala naman. Iyong mismong direkta sa opisina ninyo, Secretary?

**SEC. ANDANAR:** Sandali lang, titingnan ko iyong sa opisina. Mayroon pong isang active pero ito po ay sa ilalim ng Office of Global Media and Public Affairs which is under my (signal fade) yeah… isang nag-active kaya nga kahapon ay nagpa-swab ako kasi mayroon akong contact doon sa tao.

**URI:** Ayun… Okay…

**SEC. ANDANAR:** Kasama sa production namin. Hindi ba araw-araw tayo nagpro-produce eh, from Monday to Saturday, so nagkaroon kami ng contact noong last week, noong Wednesday. So, ngayon, nagpa-swab ako kahapon, malalaman ko hopefully within 48 or 72 hours. Sana naman ay negative kasi marami kaming may contact sa kaniya eh.

**URI:** Oo… Ipagdasal natin iyan at matibay naman ang iyong resistensiya sa palagay ko, Secretary.

**SEC. ANDANAR:** So far naman, sa awa ng Diyos, okay naman, wala namang sintomas ng COVID-19. At of course, (garbled) ang mga kasamahan natin eh talagang iyong contact doon sa tao. Pero you know, ang ginagawa naman ng PCOO as of right now, as of press time, mga 149 ang personnel who underwent testing kahapon as of (signal fade) ...49 at mayroon pang (signal fade) ...

**URI:** Okay. So, Secretary, dahil sa PCOO, may PSG ring mga nag-positive, mga personnel na detailed kay Sec. Bingbong Medialdea, kumusta ang galaw ngayon sa loob ng Palace at ng Palace compound? Sarado ano ho lalo na iyong sa ating lugar diyan sa may New Executive Building at sa iba pang mga complex ng Malacañang?

**SEC. ANDANAR:** Opo, sarado po. Sa NEB, sarado. Nag-lockdown din doon sa PIA. Napakarami na pong ni-lockdown natin under the Presidential Communications Operations Office kaya nga I cannot overstate the importance ng SONA, na kailangan, masunod talaga iyong health protocol. (garbled) hindi po biro.

**URI:** Missy, go ahead.

**HISTA:** Yes, may tanong ako, Ka Henry. Sec. Andanar, mga gaano po katagal iyong magiging State of the Nation Address ng ating Pangulo? Nakapag-rehearse na po, tama po?

**URI:** Mamayang gabi pa raw iyong rehearsal.

**SEC. ANDANAR:** Mamaya. As much as I'd like to discuss it with you, Missy, hindi ko pa ho nababasa iyong speech. So, hindi ko alam kung gaano pa po kahaba at hindi pa po nagre-rehearse si Presidente, so hindi pa natin malalaman doon sa ating stopwatch, hindi natin masasabi kung gaano kahaba iyong speech but as I've mentioned before, mayroon naman tayong mga ginawang pre-SONA, tatlong pre-SONAs. Iyong isa para sa economic cluster; iyong isa para sa human development cluster; iyong isa naman ay para sa environment, peace and justice clusters.

So, iyong mga reports ng iba't-ibang departamento ay na-report naman, napakahabang mga report. So, iyong mga sasabihin ni Presidente sa darating na State of the Nation Address ay iyong mga piling-piling mahalaga at iyong mga gustong malaman ng ating mga kababayan.

**URI:** Speaking of which, ano iyong mga iha-highlights ng ating Pangulo na puwede nating sabihing natamo ng taumbayan sa kaniyang pamunuan nitong nakalipas na taon?

**SEC. ANDANAR:** Hindi ko mababanggit kung ano specifically, Henry, pero siguro ang asahan natin iyong mga kasagutan sa mga katanungan natin tungkol sa trabaho. May trabaho pa ba ako? Ano ba ang mangyayari sa aking trabaho? Mayroon pa ba kaming makakain bukas? Anong mangyayari sa ating ekonomiya? Ano po ang mangyayari sa ating edukasyon? Makakapag-aral ba tayo ngayong August 24? Mayroon bang pipigil ba nito? Anong mangyayari sa ating bansa sa gitna ng pandemya?

Ito po iyong mga uncertainties na nangyayari sa ating bansa ngayon at sa buong mundo. Iyong mga OFWs naman, siguro, makakabalik pa ba ako sa ibayong dagat na pinagtatrabahuhan ko? Iyon po iyong mga questions na gustong malaman ng mga kababayan natin.

Kasi napakaganda po ng takbo ng ekonomiya, napakaganda po ng takbo ng ating bansa bago po mangyari itong corona virus pandemic. Siyempre, dumapa iyong ekonomiya hindi lang sa atin kung hindi sa buong mundo. Kaya ang mga katanungan po talaga ay paano na ako, paano na ang pamilya ko? Mabubuhay ba kami? Kailan natin malalagpasan itong problema na ito?

**URI:** Oho. Iyong mga nakaraang SONA, may mga nabanggit siyang hakbang na gagawin for this year, 2020 and beyond, iuulat din po ba ng Pangulo kung anong nangyari na doon sa mga binanggit niya noon?

**SEC. ANDANAR:** Hindi ko masasagot iyan, Henry. Honestly, hindi ko pa talaga nakikita iyong talumpati ni Presidente at kung anuman iyong mga [garbled] ito ay base doon sa mga napag-usapan doon sa Pre-SONA. Alam naman natin na ang mga departamento ay nagri-report kay Presidente, kung ano ang mga priorities nila.

So siguro malapit lang talaga nating makita na siguro mayroong semblance of congruity would be the Pre-SONA na nangyari noong Wednesday at noong two Wednesdays ago.

**URI:** All right. Pero kung mayroong dapat matanto o malaman ng ating taumbayan sa nakalipas na ilang taon or sa nakalipas na taon, kung pupuwede nating sabihin na ito iyong bunga ng pamunuan ng Pangulong Duterte, Secretary, kung mayroong isa o dalawa o tatlong kumbaga puwede nating ipagmamalaki, what is that? What are those?

**SEC. ANDANAR:** Alam naman natin na ang plataporma ni Presidente ay, number one, iyong anti-corruption; number two, anti-drugs; iyong poverty alleviation. Iyong tatlo naman na iyon ay nagawa ni Presidente sa loob ng apat na taon. Sa report noong nakaraang SONA, iyon ang ni-report na napakadami ng nagawa.

But then again, pumasok itong pandemya, hindi naman ini-expect ng lahat ito. But it’s a phenomenon that brought the world down to its knees, hindi lang sa ekonomiya kung hind maging ang ating health sector. Mahirap na pagbabalanse iyan kasi nasa gitna iyong tao, kailangan malusog ang tao, at the same time kailangan nakakakain. Eh papaano makakakain ang isang tao kung walang bukas na negosyo, walang trabaho.

So kailangan napaka—sa palagay ko, if you ask me personally kung ano iyong … it’s really the strong leadership of President Duterte that brought our strong country to where it is right now. Kasi kung hindi decisive, hindi strong iyong leader natin sa panahong ito, kawawa na nga tayo, mas lalo tayong kaawa-awa [garbled] leader.

So kaya’t kaabang-abang talaga, Missy at Henry, ngayong Lunes, abangan talaga natin iyong speech ni Presidente dahil this concerns everybody, the entire country. This is no regular State of the Nation Address. This is one of the most important State of the Nation Addresses that we will have for the last, I suppose, 50 or 60 years. Ito na ang pinakamahalaga dahil lahat na apektado.

**URI:** Oo. Pero sa kabila raw nang biglang pagkagimbal natin sa pandemic na ito ng COVID-19, ang isa siguro raw na dapat ding i-highlight ng Pangulo ay iyong mabilis na pag-aksiyon through special amelioration program, Secretary, iyong pamamahagi ng ayuda sa ating mga kababayan.

**SEC. ANDANAR:** Isa iyan sa kahanga-hanga dahil alam naman natin na our country is not really a welfare country katulad ng mga bansang Norway o iba pang bansa sa Scandinavia. Tapos hindi tayo wired sa ganiyan, hindi tayo dole out economy/country 'no. But, you know, kahit hindi pa handa iyong ating national ID, etc., and the Department of Welfare was able to do its job. Although, you know, maraming—noong una, mayroong mga konting adjustments pero nagawa [garbled] tuluy-tuloy pa rin, nakakakain pa rin ang sambayanan.

So again, that's one of the learnings that we should institutionalize in the Philippines na kailangan talaga ay palawakin pa ang listahan ng DSWD, at the same time ay gumawa ng polisiya na mapalawak pa iyong social safety nets ng lahat ng mga Pilipino. Kasi nakita naman natin noong panahon noong talagang kasagsagan nitong lockdown sa Metro Manila, nakita natin na pati iyong middle class, pati iyong upper middle class ay hindi makalabas ng bahay. Pati sila ay humihingi sila ng pagkain dahil hindi sila makalabas, so humihingi sila ng ayuda.

So these are things that we should take into consideration and learn from para matuwid iyong polisiya hindi lang ng national government, maging pati ng mga LGUs kasi ang mga LGUs nagbigay ng ayuda sa mga mahihirap. Pero pagdating doon sa mga subdivision ay hindi naman nila nabilang ito pero eventually they had to adjust, kailangang bigyan din, dahil walang access, hindi makabili.

**URI:** All right. So aabangan nating lahat, Partner.

**MISSY:** Yes, Ka Henry. Secretary, so do we expect that there will be a concrete roadmap on how things will go about this coming SONA?

**SEC. ANDANAR:** Yes, President will give us the roadmap, the guidelines, ano ang aasahan natin. He will be carrying the torch for everybody. He will be lighting the way for everyone. How? Iyan ang ating alamin sa State of the Nation Address. Abangan natin.

Salamat, Missy. Salamat din, Henry.

**URI:** Oho. Thank you so much, Secretary. Ingat po kayo. At we pray na ang inyong swab ay negative na iyan.

**SEC. ANDANAR:** Yes, sir. Salamat po. I also pray for the rest of our colleague sa PCOO, at sa buong Pilipinas na sana wala nang positive.

**URI:** Teka muna, Secretary, pahabol. So iyon daw set-up natin for us, MPC, sa NEB, magpu-push through pa daw ba iyan? Kasi dapat mayroon tayong … mukhang napag-usapan ay magkakaroon tayo ng set-up doon. Pupunta kaming mga miyembro ng MPC. Mukhang baka mababalam iyan, Secretary, ano dahil sa dami ng positive.

**SEC. ANDANAR:** Mayroon kaming meeting mamaya para pag-usapan, para i-finalize lahat ng ito. As a matter of fact, well, ngayon ko lang din sasabihin sa programa mo, Henry at Missy, na

in fact, hindi naman lahat ng Cabinet officers or Cabinet secretaries ay makakapunta sa State of the Nation Address, so isa sa mga ginagawa namin ay nag-o-organize kami ng Zoom watch event para sa mga Cabinet secretaries.

The same way na mayroong Zoom watch event para sa Bangsamoro Autonomous Region for Muslim Mindanao leaders. Mayroon din tayo para sa mga OFWs. Mayroon din tayo para sa mga LGUs. At iyong Congress, may sarili; Senado, may sarili. Para si Bb. Joyce Bernal ay [unclear] niya na lang iyong mga nanunood, ito iyong mga present na mga Cabinet officials na nanunood. In fact, kami po ay na-remind na na kahit na Zoom ito ay kailangan naka-barong pa rin.

**URI:** Oo, kasi ipa-flash kayo sa screen.

**SEC. ANDANAR:** Oo, at saka respeto ito sa State of the Nation Address [garbled] sa Kongreso at sa sambayanang Pilipino na bagama't new normal ito ay ganoon pa rin iyong ating respeto sa ating bansa, sa ating [garbled]

**URI:** So naka-barong din ang Pangulo? Nagpatahi na rin uli siguro siya ng kaniyang barong?

**SEC. ANDANAR:** I'm not sure kung nagpatahi o nag-recycle. Hindi ko masasagot iyan.

**URI:** Sige po. Pero teka, kayo, kung sa Kongreso at wala namang problema sa kalusugan ninyo, pupunta kayo roon o magsu-Zoom na rin lang kayo?

**SEC. ANDANAR:** Ay hindi po, sa Zoom po ako kasi kami nga iyong namahala sa pag-organize ng (unclear) sa Cabinet so kailangan present po ako doon sa Zoom. Hindi na po ako makikigulo siyempre [garbled] delikado!

**URI:** Tama, tama. Sige, makikibalita ulit kami sa inyo, Secretary, siguro this weekend o mamaya. I'll get in touch with you.

**SEC. ANDANAR:** Yes, sir. Thank you, Henry. Missy, thank you. Mabuhay kayo. Mabuhay ang DZRH.

##

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*